



**Sohbats by**  
**Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani**

**DAPAT MONG MATUTUNAN ANG MAGTIIS AT MAGPATAWAD**

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,  
Anzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,  
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhbirin,  
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,  
Shaykh Abdullah Daghestani, Shaykh Nazim al-Haqqani. Dastur.  
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

Ang lahat ng tao ay dapat magtiis upang maging maayos ang buhay. Magiging maganda ang buhay pag tayo'y marunong magtiis at magpatawad. Ngayon pag may sinabing masama ang isa, sasagutin pa ito ng mas masama. Pag may sinabi ang Tatay o Nanay sa anak, mas nagagalit ang anak. Ito'y dapat iwasan ng anak, dapat kanyang sabihin na "Matanda na siya, di na siya magbabago." Ito'y maaaring gamitin bilang isang paraan ng paglayo sa pagkagalit. Ito'y laging ganito na lamang mahigit 70 o 80 na taon na at di na magbabago. Di mo kailangan magalit kahit sa kaibigan mo. Mas makakasama pag nagalit ka. Magakakasakit ka at dadalhin mo ang masamang pagtingin sa taong iyon.

Kailangan nating maghanap ng ibang dahilan upang makalayo tayo sa galit. Maghanap ka ng ibang dahil upang di ka magkaroon ng galit sa isang tao, maaaring sabihin mo na "Marahil ay di mabuti ang kanyang pakiramdam ngayon/ Maaring ganoon talaga ang pag-uugali niya/ Maaaring dahil sa init ng panahon kaya ganoon siya." Ito'y katangian ng mga Kamil na Tao. Maraming bagay ang dadaan kay Mawlana Shaykh Nazim(qs) na kinagagalit natin pero siya'y laging naghahanap ng ibang dahilan upang mapasaya o mapatawa tayo. Binibigyan niya ng pagpapatawad ang lahat dahil tao lang tao. Magiging maganda ang pamumuhay natin kapag ganoon, mabuting pakikipagkapwa tao, pakikipagkaibigan, mabuting pakikitungo ng mga mag-ama at mag-ina.

Magkakasundo sila at magiging maganda ang mga bagay. Sa panahon ngayon ang daming pagtatalo at di pakikipag-usap sa isa't isa. Mas malala sa di pakikipag-usap sa iba. Ang Shaytan at masamang tao lang ang masaya sa ganoon. Masaya sila pag magkagalit at di magkasundo ang mga tao. Ang mga mabubuting tao naman ay malungkot kapag may di pagkasunduan at gusto nilang maayos ito.

1. Spiritually complete people
2. Malayani





**Sohbats by**  
**Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani**

Ang ibang tao ay maaaring magkaroon ng mga pagkukulang o pagkakamali. Di siya ganoong kalaking bagay dahil katulad ng sinabi natin, In Sha Allah maghanap tayo ng kadahilanan o rason upang mapatawad sila. Mas magkakaroon ng kapayapaan kapag tayo'y nagpapatawad. Magkaroon tayo ng kapayapaan din sa kalooban natin at di tayo gagawa ng mga bagay na walang kabuluhan. Darating ang Rahma ng Allah kapag ginawa natin ito at tayo'y bibigyan ng biyaya In Sha Allah. Nawa'y makuntento o maging masaya sayo ang Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil  
10 August 2016/7 Zulqida 1437  
Sabah Namaz, Akbaba Dargah